Paano Mag-download ng isang Secure Browser sa isang Windows Computer

Para matiyak ang secure na pangangasiwa ng assessment, dapat i-access ng mga mag-aaral ang California Assessment of Student Performance and Progress (CAASPP) at English Language Proficiency Assessments for California (ELPAC) gamit ang isang secure na browser. Magagamit ang secure na browser na ito para sa mga personal computer na mayroong mga sinusuportahang Windows operating system.

1. Mag-navigate papunta sa http://www.bit.ly/spring_21.
2. Piliin ang **Download the Secure Browser** sa sidebar.
3. Piliin ang **Secure Browser for Windows**.
4. Piliin ang button na **Download the Secure Browser for Windows**.
5. Kapag na-download na ang file, piliin ang button na **Run** para buksan ang Setup Wizard.

i *Kung opsyon na i-save lang ang ipinapakita, i-save ang file sa gusto mong lokasyon. Buksan ang **CASecureBrowser12.5-2020-06-17-i686.msi** na installation file para buksan ang Setup Wizard.*

i *May lalabas na isang pop-up window na nagbabababala na posibleng mapanganib sa iyong computer ang mga file. Kung na-download ang program na ito mula sa ibinigay na web page, ligtas itong i-download at i-install. Piliin ang **OK** o **Run** para i-install ang secure browser.*

6. Sundan ang mga tagubilin sa Setup Wizard. Kapag nag-prompt na pumili ng uri ng setup, piliin ang button na **Install**.
7. Piliin ang button na **Finish**. Lalabas ang shortcut icon sa Desktop.
8. Kapag nagsasagawa ng pagsusulit, isara ang lahat ng gumaganang program at buksan ang **CASecureBrowser** mula sa Desktop shortcut.